ANG KUSOG san rebolusyon
PAHAYAGAN SAN REBOLUSYONG MASBATENYO--REHIYONG BIKOL
Bilang 6
Hulyo - Setyembre, 2014

EDITORYAL (muling inilathala mula sa ikalawang isyu)

Wakasan at papanagutin ang rehimen ng hari ng pork barrel na si Benigno Aquino III at hadlangan ang pagpalawak ng FRC sa pagmimina sa probinsya ng Masbate

Patuloy na nadaragdagan ang mga katibayan na mismong ang gubyerno ni Benigno "Noynoy" Aquino III ang may malinaw na pananagutan sa nalantad na pagnanakaw sa pork barrel.


Ang pagdinig ng senado sa katiwalian ng pork barrel ay mas nag-eduka sa taumbayan na kahit ilang doble pa ang tumestigo para ilantad ang katotohanan ng pagnanakaw ng mga mismong tauhan at opisyal ng gubyerno ay hindi basta mapapanagot ang mga ito basta't malaki ang nakulimbat. Ang masaklap, ang ninakaw ring ito ang gagamitin para depensahan ang kanilang mga sarili habang patuloy ang pagtuturuan kung sino ilegal na nagnakaw sa kabang-yaman ng bayan mula sa nakolektang buwis ng mga Goverment Owned and Control Corporations (GOCC) at Malampaya Fund.

Sobra pa sa sapat ang mga lumilitaw na katibayan para wakasan na ang korap, papet at brutal na paghahari ni Aquino na walang ibang ginagawa kundi sumunod sa utos ng kanyang among US. Nagkukumahog ngayon ang rehimen sa paglubid ng mga senaryo upang malansi ang taumbayan para makapagtapos sa kanyang termino si Aquino hanggang 2016 at mailuklok ang reserbang kabayo ng kanyang among US sakaling pumalya ang itinutulak na charter change ng konstitusyong 1987.

Ang pagkalantad bilang hari ng pork barrel ni Aquino ay nagtulak sa mamamayan mula sa iba't ibang sektor mula sa mahihirap hanggang sa may mataas na lebel sa lipunan at propesyunal upang kumilos, magkaisa at hindi na magdadalawang-isip na lumahok at sumuporta sa lahat ng anyo ng pakikibaka para singilin at wakasan na ang paghahari ni Aquino.

Ibat-iba man ang palusot o pagsasalba ng palasyo sa pamumuno ni Aquino ay hindi na niya kayang linlangin ang tao para takpan ang katotohanan ng garapalang korapsyon at kapabayaan sa mga biktima sa mga sakuna.

Walang solusyon ang patuloy na pagdami ng mga nagugutom at nawawalan ng trabaho sa gitna ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Patuloy pa ring ginagawang gatasan ang mga pondo para serbisyo at proyekto ng gubyerno ng mga bihasa sa pandarambong sa pondo ng bayan.



...karugtong ng pahina 1

Sa lumalabas ngayong senaryo sa pagdinig ng senado sapork barrel ay parang pinapapili nalang nila ang tao kung aling paraan ng pagnanakaw ng mga nasa poder ng pamahalaan ang makatarungan: kung ang "legal o ilegal".

Malinaw na sa basbas ni Aquino, pipirmahan agad ng Department of Budget ang mga kinakailangang papeles ng isang proyekto. Sa kabila nito, pilit pa ring minamaniobra at nilulusutan ng hari ng pork barrel na si Aquino ang taumbayan. Sabihin pa na nalusutan rin sila ng pamemeke ng pirma at mga papeles, wala pala silang kapasidad para responsableng pamahalaan ang pundong ipinagkatiwala ng taumbayan sa kanilang gubyerno.

Isang insulto sa taumbayan ang garapalang panlilinlang lalo pa't lantad na sa publiko na handang gastusan ng malaking halaga ng rehimeng Aquino ang ang "kaligtasan" ni Janet Lim Napoles noong Pebrero 26 ng kasalukuyang taon. Umabot ng 120,000 pesos ang ginastos ng rehimen para sa kasabay na komboy ng mga sasakyan at motorsiklo at tauhan ng Special Action Force na nagsilbing badigard ni Napoles.

Kung masinsing susubaybayan ang pagdinig sa senado ng nabulgar na korapsyon at nakawan at pangangalaga ng rehimeng US-Aquino kay Napoles, lumalabas na kapag ang isang tao ay magnakaw sa pera ng taumbayan ng milyun-milyong halaga ay magiging espesyal ang pagtrato sa kanya lalo na kung hindi kalaban sa pulitika.

Spesyal na pagtrato itong ipinagkaloob ng hari sa pork barrel na si Aquino sa pork barrel queen na si Napoles. Matapos mahuli at malantad sa matinding pandaraya at pagnanakaw ay ginagastusan pa ito ngayon gamit ang pondo ng taumbayan at bantay-sarado pa ng maraming pulis at sundalo . Hindi upang pigilang makatakas kundi para iligtas si Napoles mula laban sa galit ng mga biktimang mamamayang Pilipino. Umabot na sa 1.6 milyong piso ang ginastos ng gubyerno simula nang mahuli ang mandarambong na si Napoles hanggang sa kasalukuyan.

Hindi ligtas ang mga Masbatenyo sa pambibiktima ng gubyernong Aquino. Kaya hindi na tayo aasa sa kung sinuman sa gubyernong reaksyunaryo para sugpuin o kaya'y patigilin ang Filminera Resource Corporation sa pangangamkam ng lupa para dambungin ang mga yamang mineral ng ating probinsya. Dahil mismong ang gubyerno ang nagsabi na legal ang ginagawang pagpapalayas ng mga magsasaka sa Aroroy ng FRC sa ilalim ng mining Act of 1995. Maging ang mga dating nabubuhay sa maliitang paghuhukay ng ginto ay nabiktima, nawalan ng kabuhayan at hindi na makapagpaaral sa kanilang mga anak.

Subalit ang mas masakit, ilang taga-LGU ang nagtaksil sa ating kababayang Masbatenyo matapos tanggapin ang malaking halaga mula sa FRC. Kapalit nito ang pagkibit-balikat sa mga paglabag ng FRC sa mga karapatan ng mga Masbatenyo habang iniliiligtas ang kanilang sarili. Habang marami-rami rin namang nasa LGU ang nanahimik na lang dahil sa takot nang

...sundan sa pahina 3

ANG KUSOG san rebolusyon
PAHAYAGAN SAN REBOLUSYONG MASBATENYO–REHIYONG BIKOL
Bilang 6, Hulyo-Setyembre, 2014

Ang Ang Kusog ay inilalabas sa pinagsama na lengwaheng Tagalog, Masbateño at Cebuano. Tumatanggap ang Ang Kusog ng mga kontribusyon sa anyo ng artikulo at balita. Iniingganyo din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ika-uunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng pagbigay sa mga kasamang kumikilos sa inyong mga lugar saan mang bahagi dito sa ating probinsya.

Nilalaman

Editoryal: Wakasan at panagutin ang hari sa pork barrel na si Benigno Aquino III at hadlangan ang pagpapalawak ng FRC sa pagmimina sa probinsya ng Masbate 1
Masiglang ipinagdiwang ang ika-45 Anibersaryo ng PKP at ika-30 taon na pagkapundar sa probinsya ng Masbate 3
Pagmimina sa Masbate, pinagbibihis-banal 4
An Pork Barrel PDAF, DAP at Malampaya Fund kag an iya porma 5
Pagklaro gikan sa JRC (CPP/NPA)-Masbate sa nahitabong pagsilot kang Celestino Atibagos 7
OPB pwersahang ginagamit ang Dep-Ed para ilayo ang isyu sa sabwatang FRC, army at pulis at pagmukhaing maka-diyos sa probinsya ng Masbate 8
Isaulog ang ika-45 Anibersaryo ng NPA sa Pilipinas ug ika-30 tuig nga pagpundar sa Masbate 8
Mga Balita 10
Kultura 13

Ang Ang Kusog ay inilalathala tatlong beses kada tatlong buwan sa probinsya ng Masbate

malamang nagkaroon ng sabwatan ang Filminera Resource Corporation, army at pulis.

Lantarang ginagamit sa pagpalawak ng FRC sa mga bayan ng Mobo, Uson at Milagros ang proteksyon ng mga army at pulis laban para makapasok sa bulubunduking bahagi ng mga bayang nabanggit ang pagmimina nito. Hinahawan ng mga kontra-rebolusyonaryong ahente ng pandarahas ang daan para walang makahadlang sa kanila at hindi maipaglaban ng mga mabibiktima ang kanilang mga karapatang mabuhay ng matiwasay.

Tiyak at walang duda na ang pagkakaisa ng mga Masbatenyo ay lalo pang mapapaunlad para depensahan ang sarili sa nakaambang panganib. Walang ibang paraan kundi kumilos at sumuporta sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamumuno ng Partido at sa pangunguna ng Bagong Hukbong Bayan at katulong ang milisyang bayan. Lalong itaas pa ang antas ng mga matagal ng nakatayong OKP sa antas ng mga barangay sa ibat-ibang bahagi ng kabayanan sa probinsya ng Masbate.

Mapipigilan nitong mangibabaw ang pagsasabwatan ng FRC, army at pulis upang makapangamkam at makapagdambong sa mga lupang sakahan at yamang mineral ng Masbate. Habang hinahakot ang mga ito patungo sa ibang bansa, kalauna'y maiiwang desyerto at puno ng nakakalasong kemikal ang malawak na kalupaan ng Masbate tulad ng nangyari sa bayan ng Aroroy. Maging ang mga magsasaka at mangingisda sa mga karatig -bayan ay maari ring mawalan ng kabuhayan bunga ng pagkalason ng tubig dahil sa mga mapanganib na kemikal. Malaking banta ang dulot nito sa kalusugan at kabuhayan ng mga tao. Maging ang mga hayop sa mga sakahan, sa mga isda sa fish pond at sa malawak na dagat nakapalibot ng buong Masbate.

Ngayon na ang tamang panahon para lahat ay magkaisa at magbigkis laban sa katiwalian ng pamahalaan sa pambansang saklaw.

Dapat magkaisa ang lahat na Masbatenyo sa pangunguna ng rebolusyonaryong kilusan laban sa dayuhang mina na pinangungunahan ng FRC kasapakat na army at pulis. Itayo ang gubyerno ng mamamayang mahigpit na ipinagbabawal ang pang-aapi sa kapwa tao. Para madama ang tunay na pagbabago, isulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng digmang bayan at kamtin ang estratehikong pagkapatas. 

Masiglang ipinadiwang ang ika-45 na Anibersaryo ng PKP at ika-30 taon ng pagpundar sa probinsya ng Masbate

Punong-puno ng sigla ang isinagawang pagdiriwang ng ika-45 na anibersaryo ng PKP at ika-30 taon ng pagpundar sa kilusan dito sa probinsya ng Masbate noong Disyembre 26, 2013. Umabot sa 3,565 katao ang dumalo sa 11 lugar na itinakdang pagtitipunan upang magsagawa ng mga programa. Napakasigla dahil sa patuloy na paglakas at pagsulong ng lahatangpanig ng gawain para kamtin ang rekisito sa patas ang nakamit nitong nagdaang mga taon.

Matagumpay at ligtas na naidaos ang sabay-sabay na mga pagtitipon na sa ibat-ibang bahagi ng tatlong distrito sa loob ng probinsya.

Labing-isang pagtitipon ang sabay-sabay na ginanap. Sa unang distrito pa lang ay may pagtitipon sa tatlong magkakahiwalay na barangay ang dinaluhan ng mahigit 1,100 katao mula sa isla ng Ticao at Burias. Sa ikalawang distrito ay dumalo ang mahigit 1600 katao sa ganunding mga pagtitipon. Habang sa ikatlong distrito ay nagkaroon ng magkakahiwalay na pagdiriwang ang limang mga barangay na dinaluhan ng mahigit 865 katao.

Sinimulan ang programa sa pagwagayway ng bandilang may maso't karet ng Partido at pag-awit ng internationale. Ang mga numero ng programa ay nilahukan ng mga nagtatalumpati mula sa hanay ng Partido, hukbo at masang galing sa mga nakatayong OKP na nagrepresinta ng iba't-ibang sektor at alyado. May mga nagtanghal ng drama, dula at awit. Lahat ng mga pagtatanghal sa programa ay naglalarawan sa mga pagsulong ng lahatang-panig ng gawain sa ideolihiya, pulitika at organisasyon at ipinapakita sa

...karugtong mula sa 3

sa lalim at lawak ng pagkaugat sa masa.

Sapat ang mahabang karanasan ng rebolusyonaryong kilusan sa probinsya sa loob ng 30 taon ng pagpupundar ng kilusan sa Masbate handa ng maging puhunan para sa yugto ng pagkapatas.

Hinahamon ang mga namumunong komite ng Partido sa lahat ng antas sa loob ng probinsya na ibayong magsikap, magtutulungan at magpunyagi para lalong mapatatag pa ang kolektibong pamumuno. Sundin ang mga batayang prinsipyo ng organisasyon upang higit na maisulong ng tuloy-tuloy ang mga gawaing ginagampanan ng mga kasapi ng Partido, hukbo, milisyang bayan at masa. Lalong pasiglahin at iangat ang lebel ng mga matagal nang nakatayong OKP mula sa mga barangay patungo sa munisipalidad ngayong taong 2014 at iwasan ang mga pang-aatake ng kaaway sa pamamagitan ng bigo at inutil na oplan bayanihan.



Ang lahat ng inabot na pag-unlad ng ating mga gawain ay alay natin sa lahat nang nagbuwis ng buhay, sa lahat ng mga naunang mga kasama at masang nagpundar dito sa probinsya lalo at sa mga aktibo, walang-sawa at walang pagod na nagsakripisyo para higit pang isulong ang ating digmang bayan patungo sa hinihinging antas sa kasalukuyan.

Pagmimina sa Masbate, pinagbibihis-banal

Pilit na nagbibihis-banal ang sabwatan ng Filminera Resources Corporation (FRC), 9th ID ng Philippine Army at PNP-Masbate sa kanilang pakanang palawakin ang pagdambong sa yamang mineral ng probinsya.

Planong magdaos ng misa ang mga sundalong pari ng 9th ID sa iba't ibang barangay sa Masbate. Kakumbina nito ang armadong pagsalakay ng militar at pulisya sa mga taumbaryo. Layunin nitong hawanin ang daan para sa higit pang pagkulimbat ng FRC sa yamang mineral ng Masbate na dapat sana ay para sa pakinabang ng mamamayan. Gagawin muna ang mga misa sa ikatlong distrito (mga bayan ng Cataingan, Cawayan, Dimasalang, Esperanza, Palanas, Pio V. Corpuz, Placer at Uson) at kalaunan sa iba pang bahagi ng prubinsya.

Sa pamamagitan ng mga misa, pagmumukhaing mababait at maka-Diyos ang mga sundalo at pulis, at pagtatakpan ang malahalimaw na pagwasak ng FRC sa mahigit walong libong ektarya ng lupain sa bayan ng Aroroy. Mula 2009 ay nagmimina na ng ginto ang FRC sa naturang bayan, sa kabila ng mahigpit na pagtutol ng mamamayan. Kaliwa't kanan ang reklamo ng iba't ibang sektor sa Aroroy laban sa Filminera, mula sa maliliit na minerong pinalalayas ng higanteng minahan, hanggang sa mga magsasaka at may-ari ng fishpond na nasisiraan ng kabuhayan dahil sa basura ng minahang bumabagsak sa kanilang mga palayan at palaisdaan.

Ang Filminera ay nasa ilalim ng Masbate Gold Project, na siyang pinakamalaki sa buong Pilipinas sa ngayon. Mula Hunyo 2009 hanggang Hunyo 2010, kumita ang FRC ng $38.4 milyon mula sa tone-toneladang gintong na mina nito sa Aroroy, kapalit ng malawakang pinsala sa mamamayan.

Kaya ang nasa likod ng maskara ng kabanalan ay ang malawakang pang-aagaw ng lupa at pagkawasak ng kabuhayan ng mga maralita at iba pang sektor.

Ito ang mukha ng Oplan Bayanihan sa Masbate. Ang panlilinlang ay isasakatuparan ng mga sundalong pari, at ang armadong pagsalakay naman ay isasagawa ng mga Division Reconnaissance Company at mga pwersang panagupa ng PNP.

Samantala, tuluy-tuloy naman ang paniniktik laban sa rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan. Gagamitin din ang iba pang ahensya ng pamahalaan (katulad ng Department of Education at mga lokal na gubyerno) upang kumuha ng impormasyon laban sa mamamayang lumalaban at magkalat ng mga kasinungalingan. Layunin nitong hadlangan ang pag-abante ng

...karugtong ng pahina 4

pagrerebolusyon ng mamamayan, at bigyang-daan ang pagsasamantala ng malalaking kapitalista.

Sa harap ng gayong panganib sa buhay at kabuhayan ng mamamayan, nanawagan sa mamamayang Masbateño ang Jose Rapsing Command ng Bagong Hukbong Bayan sa probinsya na labanan ang napipintong muling paninibasib ng FRC sa tulong ng AFP at PNP. Huwag nating hayaang muling agawin at wasakin ang mga kalupaan, kamkamin ang yamang mineral, lasunin ang mga tubig, at patayin ang yamang dagat ng Masbate. Huwag pumayag na muling supilin ang mga karapatan ng mamamayang Masbateño sa buhay at kabuhayan, at paslangin ang mga kapamilya at kaibigan. Labanan din ang panunuhol at mga pangako ng huwad na pag-unlad.

Nanawagan din ang Jose Rapsing Command sa mga opisyal ng pamprobinsyang gubyerno, mula sa gubernador hanggang sa mga kapitan ng barangay, na pumanig sa mamamayan at huwag pahintulutan ang ibayo pang pananalasa ng FRC. Gayundin, hinihikayat ang mga taong-simbahan, mga propesyunal, at mabubuting alagad ng masmidya na itakwil ang tusong paggamit ng AFP-PNP ng mga misa upang isulong ang mapagsamantalang interes ng Filminera.

Anang BHB-Masbate, hindi kailanman mapagtatakpan ng mga isasagawang misa ang kabuktutan ng FRC at ng mga tagapagtanggol nitong AFP-PNP.

An Pork barrel PDAF, DAP at Malampaya Fund kag an iya Porma

An Pork Barrel amo an mga kwarta san publiko na ginkaputan san gobyerno na amo an ipanghatag pakadto sa mga pulitiko na opisyal san gobyerno. Inin nasabi na pundo waran klarado na pagagamitan, nakadepende lang ini sa nano man na personal na gustong pagagamitan o gastusan san pulitiko bilang opisyal san gobyerno, ginatawag ini ninda na discretionary fund.

May pork barrel para sa mga nagahimo san laye (senador kag kongresista sa mga distrito kag mga partylist). May para sa mga departamento na ginapanag-iyahan san gobyerno na ginatawag sin GOCC – Goverment-Owned and Controlled Corporations hasta man sa Bise-presidente kag sa Presidente san Pilipinas. An Priority Development Assistance Fund (PDAF) ang pinakakilala na porma san pork barrel. Ini an alokasyon para sa mga senador kag kongresista. Bilang bahin sa kada tuig nabudyet na ginaaprobahan san Presidente.

May mga pork barrel na wara iagi sa kongreso kag senado mahinungod sa kada tinuig na budyet. Ginatawag ini na "off-budyet" kapareho san Presidential Social Fund (PSF). Bisan may audit sani na pundo pero dili ginalabas sa publiko an resulta, na kun minsan inda man iguwa paglabay na san 4 - 5 katuig ini na mga pork barrel. Ginatuyo nila ini para dili pweding i-audit san gobyerno an intellegence fund na inda hatagan halos tanan na opisyales. Magtuna sa Presidente na si Benigno "Noynoy" Aquino pakadto sa mga Mayor san lungsod para magamit pagmasid kun sin-o an mga ginadudahan ninda na mga rebeldeng komunista.

Dako na parte san pork barrel naghali sa buhis na ginbayad san mga trabahador na pumuluyo na gin bawas na sa sweldo kag ikarga sa mga baraklon. Na ginatawag ninda na Expanded Value Added Tax o E-VAT. May hali man sa negosyo na kontrolado san gobyerno pareho san pasugalan na ginatawag ninda na PAGCOR- Philippine Amusement and Gaming Corporation.

An PDAF kada tuig san mga senador 200 milyon kag an sa congressman 70 milyon, na kun sumadahon kada tuig an PDAF san senador kag kongresista masobra sa 25 bilyon na aprobado ini san presidente. Para makuha an pork barrel kinahanglan magsumite sinda san listahan san mga proyekto sa DBM na nasa idalum sa opisina san presidente. Pagkahuman na maaprobahan ipaguwa na san DBM an SARO – Special Allotment Release Order. Para matunaan dayon an "bidding" na an resulta ipagasumite sa DBM agud makapaguwa san "notice of cash allocation" bilang pagpamatuod san bayad sa konstruksyon.

Para sa proyekto na may duha na klase na ginatawag na "soft and hard projects", na an sa "hard projects" amo an paghimo san mga imprastraktura (school building, tulay, farm to market roads kag iba pa) kag an "soft projects" isad san inda ginatumod an "medical" na inda ginagarantiya para sa ikaayong lawas, agod kuno ibulig sa mga

...karugtong sa pahina 5


ilista ninda na pasyente. Pero sa bisan sa ano man na rason ini na mga pundo maga-agi sa pag-aprobar san presidente kaya madali lang kaayo ninda mahimo an pagpangawat sa pundo. An kapital lang para maluko ninda an pumuluyo amo an islogan na “tuwid na daan” ni Pinoy.

Sa implementasyon san mga proyekto may karapatan na magpili an sin-o man na kongresista kon kanay NGO – Non-Government Organisation an iya ikontrata para sa implementasyon. Bisan pa wara mabutang sa laye an pagtugot sani na pwede ipaagi sa NGO. Didi sani na parte naton klaradong makikita an kabilugan na hitsura kon gin ano ninda pagmaniobra an PDAF.

Narelis an kwarta bisan waran implementasyon san proyekto na gitawag ninda ini na “ghost projects”. Dugay na kag wara pa si Napoles nangyari na ini, kag sinda mismo na nagahimo san laye amo an nagatukdo sa mga kakunsabo ninda na NGO. Pero yana gusto pa ninda ihan-ok sa kan Napoles an kaurit san mga tawo para makalikay an mga kurakot kag malegalisa an mga pagpinangawat sa buwis na ginakaputan san gobyerno. Sani na parte klarado na nasabat na an hunga san kadamuan kon nano kay masayon lang kaayo na ginakawat kag ginabahin-bahin ninda an kwarta na para untani ibalik sa pumuluyo. Tungod kay mismo an mga ada sa gobyerno an nasa likud sani, gamit an legal na mga laye. Nagtuna ini san panahon pa ni Marcos nagin tawag inin Pork barrel. Pero san mga nakaagi na mga presidente nag-insister na ini sa iba ibang pangaran. San dida na nabulgar an pagpangawat ginbalyuhan ini san Country Wide Development Fund (CDF) san panahon ni Cory. San panahon naman ni Ramos naglutawan naman ang pagpangawat, didi binalyuhan naman sin pangaran na PDAF. Ini an nagalutaw na rason nano kay naga paratyanan an mga pulitiko gamit an inda mga alalay para lang makaingkod sa poder agod sinda an makaprobitsar san pork barrel.

Dili lang PDAF an porma san pork barrel, an kamatuodan mas dako pa sani an napakadto sa pork barrel ni Noynoy Aquino. Para dili mabulgar na isad man ini na pork barrel gintawag ini ninda na Special Purpose Fund (SPF) na nagakantidad sin 449 bilyon. Wara ini detalye kon ano an pagagastuhan, basta kay para daw sa calamity og life inssurance, pero klarado na hali ini sa buhis san mga ordinaryong Pilipino.

An PSF - Presidential Special Fund na maabot sa 5.256 bilyon kita ini hali sa PAGCOR, MGF o Malampaya Fund na nagtuna pa san 2002 hasta sa 2013 na para daw ini sa mga pamilya san sundalo kag kapulisan. Pero makaluluoy an mga ordinaryo na sundalo kag pulis kay wara man sin nadadawat. An 165 bilyon naman amo an hali sa kita san buhis sa natural gas sa kadagatan na sakop san Palawan na gitawag ninda na “West Philippine Sea”. Kada tuig abot sa 13.75 bilyon an ginakita pero dili ini gina-audit. Para sani na tuig 2014 kon sumahon an pork barrel ni Noynoy Aquino maabot sa 1.3 trilyon pesos halos katunga kung kwentadahon an budyet na mapakadto sa presidente sa tuig 2014 kay ang aprobado ninda na budyet 2.26 trilyon lang.



An **DAP** o Disbursement Acceleration Program amo an ilegal kag wara sa laye san konstitusyon san Pilipinas. Ginbulgar ini san Integrated Bar of the Philippines (IBP) tungod kay alokasyon ini na wara mag-agi sa laye sa pag-alokar, na ginpalutaw lang na natipon hali sa mga kwarta na ibinalik sa baol o (kaban) san gobyerno. An IBP amo an grupo san tanan na mga abogado sa bilog na nasyon. An DAP amo ini an gingamit ni Aquino na dili nya baton na kaparte ini san PDAF para makalikay siya sa pagkabulgar san pagpangawat sa PDAF.

Klarado na kaparte sa inda pagpangluko sa katawhang Pilipino, amo na sa yana dili na kita dapat na mag-paluko kag magpagisa sa aton sadiri na mantika. Kaya maghiwag kita magkaurusad an tanan na katawhan, ibasura an pork barrel kag direkta ini na ibutang sa pundo sa kalusugan kag edukasyon, kag sa iba pa na pang-serbisyo (sosyal) sa katawhan para dili na ipaagi sa nakaandan na ninda na ginahimo na pagpangurakot kag pagpangawat gamit ang laye. 

Pagklaro gikan sa Jose Rapsing Command – CPP/NPA Masbate sa nahitabong pagsilot kang Celestino Atibagos

Sa miaging Septyembre 19, 2013 gisilutan si Celestino "Bobong Tino" Atibagos tungod sa kasong pagpanglugos kaniadtong Agusto 27, 2013 alas 7 sa gabie. Walay kaluoy nga giguyod og ilang gitabangan sa paglugos ang usa ka may depekto sa pangisip nga babaye nga may pangidaron 18 pa 20 anyos.

Ang maong babaye naabot sa lugar og gipakaon kini sa tagbalay pero pagkahuman dihang mongit-ngit na bandang alas 6 sa hapon gidala kini ni Tino. Gitambagan siya nga dili buhatan og daotan apan diretso niya kining gidala nakita pa usab kini sa duha nga metistigos mentras giguyod ni Bobong Tino Atibagos og gipugos pagpasulod sa payag sa tindahan nga walay tawo. Kay may tawo lamang kini panahon nga may tyangi aron mamaligya.

Kining maong hitabo nga walay kaluoy subra pa sa hayop nga buluhaton nga mibiktema sa babaye nga may dipekto pa gayod sa pangisip didto sa Sityo Tyotoy, Santa Cruz, Palanas kundiin didto nila kini gipulipulihan sa paglugos.

Duha katawo ang aktwal nga nakakita sa akto. Apan tungod sa kahadlok nga masuko ang grupo nila Bobong Tino wala nalang kini nila hilabti dihang ilang naagihan og naispatan mentras nagpatong pa si Bobong sa babaye nga walay nahimo sa pagpanalipod sa iyang kaugalingon batok sa kahayupan nga gibuhat sa grupo nila ni Bobong Tino.

Kining maong pagklaro gihimo para mahayagan ang tanan nga nahatagan sa gibuhat og gipalukop nga mensahe sa cellphone para palutawon sa panaghoy ni Bobong nga mahimong dudahan og kawad-an sa pagsalig ang mga lider sa atong goberno sa bukid og mabaliwala nalang ang dautan nga binuhatan sa ilang grupo nga nasudlan ni Celestino "Bobong Tino" Atibagos.

Gawas pa sa iyang pagkamanlulugos bog-at og dili mapasaylo ang iyang binuhatan nga pagka-impormer og giya sa operasyon sa mga militar. Tulo ka beses nga adunay mga nakasaksi sa iyang paggiya sa operasyon para atakihon ang mga kasama. Gani sa pag-agi nila sa Sityo nalibang pa man sa may nataran sa balay ang ilang kauban nga militar tungod nagduda nga may isnayper duol sa ilang posisyon dihang wala nila maabti ang mga kasama nga daling nangita og posisyon para unta og moabante ang mga militar nga gikuyogan ni Bobong Tino Atibagos makadepensa sila. Mismong ang tag-iya sa balay nailhan og misaksi nga kauban si Bobong Tino. Tukma sa deklarasyon sa tag-iya sa balay nga gikalibangan ang ilang nataran.

Membro usab si Bobong Tino Atibagos sa sindikato nga ang trabaho, pagpanulis, hold-uper, para baligya og shabu, nagpakaaron ingnon nga NPA. Kini na maong grupo gipaluyohan usab sa mga militar og nagsilbi usab kining goons sa mga pulitiko nga makaabot sa pagbayad sa ilang serbisyo nga pagpanghadlok og pagpatay sa ilang gustong ipatudas.

Kini ang mga kagrupo ni Bobong Tino Atibagos nga nauna nang nasilotan, Tingting Sita, Tingting Abila, Aldrin Arisobal, Romar Apable, og napriso sa bulwagan sa Masbate City na si Pito Perez mentras dali nga nakasibat og milayas sila Gaga Atacador, Odan Adoptante. Ang uban pa dili kinahanglan nga ibulgar ang ilang pangalan labi na sa usa nilang kauban nga may tsapa sa pagka-membro sa militar nga karon hugot nga gibantayan sa mga kasama para dili na makatukod og bag-ong grupo para mupaantos na usab sa ilang mahimong biktema nga dali kaayo nilang ipasangil sa mga kasama og mahuman ang ilang dautan nga trabaho nga mahimong makatoo ang dili masayod sa kamato-oran.

Nasayod kami nga daghan ang nakaila niining maong grupo nga puno sa kahadlok ilabi na sa mga biktema nga ilang natulisan nakawatan og mga gipamatay nga karon nahatagan na og hustisya.

Ang naglukop nga mensahe sa cellphone nga "panaghoy ni Bobong", mailarawan nalang kini nga kabahin sa kakonsintedor sa iyang mga nahimong krimen tungod wala masayod sa kinatibuk-an nga binuhatan sa ilang igsoon. Ang naghimo niini og magklaro sa tanan nga dili kini makahatag og pagduda sa kamatinod-anon sa pagserbisyo sa mga NPA. Nga daghan na ang nagbuhis sa ilang kinabuhi para

...sundan sa pahina 8

...karutong sa pahina 7

dipensahan nga dili mabiktima sa mga dautan ang pumuluyong Masbatenyo. Pinaagi sa pagkusog sa rebolusyonaryong kalihukan para matukod ang gubyerno nga ang pinakasentrong balaod ang pagdili sa tawo nga makahimo og dautan batok sa iyang isig katawo.

Edukasyunal nga pagpasabot sa mga nakahimo og sayop para mubalik sa tama para hingpit nga mapukan ang gubyernong dili makiangayon og magpatigbabaw ang demokratikong rebolusyon sa katawhan.

Mao nga sa tanan na nakahimo ug sayop ginaagda kamo na magbalik sa insakto ug biyaan na ang dile maayong binuhatan. Gusto sa kilusan na atong tumanon o sundon ang pinakasentrong balaod niini nga mao ang mahugtanong “pagdile sa usa ka tawo nga maghimo ug malain sa kapareho niya tawo”.

Oplan bayanihan pwersahang ginagamit ang Dep-Ed para ilayo ang isyu sa sabwatang FRC, army at pulis at pagmukhaing maka-diyos sa probinsya ng Masbate

Sinimulan nitong buwan ng Pebrero ang implementasyon ng Oplan Bayanihan sa mga eskwelahan. Pwersahang ginagamit ang mga opisyal ng Dep-Ed para sumama sa kanila na mistulang hinohostage para hindi umano maatake ng mga kasapi ng Jose Rapsing Command.

Matapos malantad sa midya ang kanilang layunin na pagmukhaing banal ang sabwatang Filminera Resources Corporation, army at pulis sa anyo ng pagpapatupad sa oplan bayanihan. Sisimulan sa ikatlong distrito bago pasukin ang iba pang bahagi ng probinsya ng Masbate. Sa kasalukuyan, naisagawa na nila ito sa mga barangay na saklaw ng bayan ng Cataingan at Cawayan habang pinaghahandaan ang pagpasok sa iba pang bayan.

Dahil sa maagang pagkalantad sa mas midya ay napilitan silang iwasang banggitin ang paglaban sa rebolusyonaryong kilusan at pawang laban sa droga at masamang bisyo, panalangin o pagbasa ng bibliya ang kanilang topiko. Kasabay ang paglilinaw na hindi sila mga militar, pero ang totoon nakatira sila sa Camp Crame sa Maynila. Bilang mga paring sundalo, sila mismo ang nakipagkoordina sa mga superbisor ng eskwelahan para samahan silang pumasok sa lahat ng eskwelahan.

Subalit nang umayaw ang mga opisyal ng Dep-Ed pinipilit nila ang mga ito hanggang nasunod ang kanilang kagustuhan. Ginamit ang sasakyan ng Dep-Ed at ang sasakyan ng mga eskort na pulis at sundalo papunta sa mga eskwelahan. Sa unang araw ay mga estudyante ang ipinapatawag. Kinabukasan, isinunod na ipinatawag ang mga magulang. Laking abala ito sa mga kabataan at magulang sa kanilang pag-aaral at hanap-buhay. Kung tutuusin, kaya naman sana itong gawin ng mismong mga taga-Dep-Ed at ng mga pari na nakadistino sa bawat bayan. Hindi na hindi na ang mga paring sundalo kailangang gumawa nito.

Muli kaming nanawagan sa mga kabataang estudyante at mga magulang na umiwas kapag kunan sila ng impormasyon hinggil sa rebolusyonaryong kilusan at huwag magtiwala dahil pinupunduhan sila ng taga-Filminera Resources Corporation.

Isaulog ang ika-45 Anibersaryo ng NPA sa Pilipinas ug ika-30 tuig nga pagpundar sa Masbate

Kabahin sa umaabot nga pagsaulog sa ika-45 Anibersaryo ng NPA sa tibuok nasud. Magasaulog usab sa ika-30 nga pag-abante sa rebolusyon ang mga kasama ug masa sa probinsya ng Masbate.

Mahinumduman nga 3 lang nga membro sa NPA ang gisugdan para maipundar ang kalihukan sa probinsya. Ug tungod sa maayong tumong, nga pagtabang sa mga dinaogdaog wala mulampos ang mga militar ug pulis para sumpuon kini.

Hinuon, mas mikusog ug padayon kining mikaylap ug milambo nga karon nagsilbing sandigan ug tigpanalipod sa mga Masbatenyo isip bag-ong sundalo sa katawhan. Sulod sa tuig 2012 – 2013, nakahimo kini ug 93 nga nagkalainlaing klase sa operasyong militar. Ug miabot sa 34 nga nagkalainlaing mga armas ang nakuha para maidugang sa pwersa sa probinsya.

Puno sa kadasig ang tanan nga membro sa Jose Rapsing

...sundan sa pahina 9

...karugtong ng pahina 8

Command ilawom sa pamunuan ng Partido. Ug hugot nga misunod sa tanan nga direktiba gikan sa pamunuan nga walay pagduha-duha. Pagsubay sa hustong linya, sa prinsipyong gilatid para makab-ot ang kadaugan sa pakigbisog nga karon gipaningkamutan nga makumpleto ang mga gikinahanglan para mahingpit ang patas. 

Army Intellegence, lantarang migamit sa Alpha and Omega nga nagpatoo isip relihiyon

Lantaran nga miduol ang mga army sa LGU para ipadayon ang paggamit sa Alpha and Omega isip usa ka relihiyon. Na kun diin niadtong buwan sa Hulyo, unang mingadto ang mga intellegence sa munisipyo sa Cawayan. Miduol kini sa chief of pulice ug mipakita sa ilang ID isip myebro sa Military Intellegence Group nga gipadala gikan sa Head Quarter. Nagkuha kini ug blotter kabahin sa pagkamatay sa nagsilbing lider o ginoo sa ilang relihiyon nga si Jojo Longkop. Human niini, miduol usab ang mga army sa opisina ni Mayor Salvadora Sanchez sa Uson niadtong buwan sa Agosto para magpadayon ug dile babagan ang pagsimba sa kultong Alpha and Omega.

Kung mahinumduman, niadtong tuig 2009, misulod ang mga ahente sa militar nga naggikan sa Mindanao ug Samar nga nagpatuo nga mutukod ug relihiyon nga manambal sa may sakit ug dili kini sila madutlan ug bala. Tungod niini, may pipila nga metisting hangtod nga nakumbensi, ilabi na ang mga masakiton kay dili man kini tambalan kung dili magpa-myebro sa ilang grupo. Gigamit nila ang mga tabletas nga pinalit sa botika sa ilahang pagpanambal nga dili nakahibalo ang mga may sakit tungod kay sa akto na pagpanambal ginatunaw man kini nila sa tubig antis dad-on atubangan sa ilang tambalan ug pakitaon ang pasyente nga orasyunan antis ipainom. Dali nga maayo ang may mga hilanat kay paracetamol man lang ang gitunaw ug gipainom. Gumikan niini, nakarekluta ug nakapatukod sila ug upat nga simbahan sa mga barangay ng Nabuhay, Libertad sa lungsod ng Uson, Panan-awan sa lungsod ng Cawayan, Divisoria, lungsod ng Cataingan.

Niadtong Hunyo 30, 2014 nahuman sa pagpangolekta si Jojo Longkop sa barangay Panan-awan kay permi man kini siya mulibot sa ilang mga simbahan nga giilang pinaka-lider nga dili madutlan sa bala ug gitawag nga “kumander walang atrasan”. Ang nahisgutang maong lider nag-training kini sa Samar, daan nga myembro sa CAFGU nga nadistino sa Del Carmen, Uson. Ilado nga goons, bayranan para mupatay basta magkasabot sa presyo nga ibayad sa magsugo sa ilang grupo. Na kundiin namatay kini sa Sitio Quary Panan-awan, Cawayan human sa iyang pagpangatang sa mga NPA nga maoy hinungdan sa iyang pagkamatay. Samtang, nakadagan ang iyahang kuyog dihang nasamdan sa pinusilay nga dili man tiniwasan sa mga NPA para sya mismo ang makasulti sa tinuod nga nahitabo. Nakuha ang dalang armas, mga papeles nga nagpamatuod na usa siya ka ahente sa militar.

Gumikan sa nahitabo, nawad-an sa pagsalig ug pagtuo ang ilang mga myembro nga di madutlan sa bala oras nga magsul-ob o magbugkos sa ilang mga orasyon nga nagkantidad ug 3,000 pesos kung paliton sa ilang myembro nga usa ka pangilad nga klase sa negosyo. Ang mas grabe kay tanan nga galastuhan sa ilang mga lakat, okasyon sa pagsimba, ang mag-amot-amot ang ilahang mga myembro, na gihimo nga panginabuhian sa ilahang grupo unsaon makakwarta gawas pa sa pagpanglikidar oras nga mabayran sila.

Bulan sa Hulyo, nagpagawas ug espesyal isyu ang Ang Kusog kabahin sa nahisgutang relihiyon nga Alpha and Omega para mapahibalo ang tanang Masbatenyo nga dili na magpalingla sa modos operande sa maong grupo tungod ang nag-organisar niini mao ang mga army.

Human sa aktibong pagpaningkamot sa mga militar para padayon nga iduso pag-organisar, sa pagpasimba sa mga tawong ilang nalingla. Subli, ang Jose Rapsing Command (JRC), CPP/NPA sundalo sa pobre nga nanawagan ug pagpahimangno nga dili na muapil sa maong grupo. Ang angayang buhaton, magpadayon nalang sa normal nga panginabuhi ug dili na magpaggamit sa mga militar nga naghatag ug kasamok sa malinaw nga pagpuyo sa mga kabaranggayan.

...sundan sa pahina 10

...karugtong ng pahina 10

Ang tinuod nga problema sa mga Masbatenyo mao ang pagmina sa mga depositong minerals lukop sa probinsya ng Masbate, nga seguradong daghan ang mabiktema pareho sa nahitabo sa Aroroy nga gipalayas ang mga gagmay nga dugay na nga panahong nanginabuhi pinaagi sa mano-manong pagkutkot. Apan giduphan kini sa langyaw nga Filminera Resources Corporation (FRC) kaabag ang mga pulis ug militar sa pagguba sa kabukiran ug gibalhin ang kalsada nga walay pananghid sa goberno probinsyal para maggamit ang suba pabor sa ilang operasyon ug apektado ang mga pumuluyo sa kabaranggayan nga daan ng nagagamit sa Lanang River, ug karon gustong minahon ang kabukiran sa Mobo, Uson ug Milagros gamit ang laing mga korporasyon nga ilang kakunsabo. Seguradong libu-libong parauma ang mawad-an sa panginabuhi, apektado usab sa makahilong kemikals ang mga hayop, punong, isda sa kadagatan ug atong pasagdan nga mudaog ang ilang p l a n o n g pagguba sa kinaiyahan.



Sila ang tinuod nga hulga sa panginabuhi, apan sila ang may daghang kwarta nga ikabayad sa mga pulis ug army, busa sila ang gidapigan ug gibantayan nga dili maduolan sa mga Masbatenyong ilang nabiktema. Na kundiin ang mga army mao ang nagpaluyo sa Alpha and Omega para maggamit batok ra usab sa pumuluyong Masbatenyo.

Karon mao na ang panahon sa panaghiusa, mas palig-unon pa ang panaghugpong, pakusgon ang panindugan para ibarog ug suportahan ang atong goberno sa katawhan para gaan ang pagkab-ot sa kadaugan ug matagamtaman ang tinuod nga demokrasya batok sa dayuhang korporasyon sa mina ug goberno nga puno sa korapsyon nga migamit sa mga pulis ug militar. 

MGA BALITA

Impormer ng pulis na nagtutulak ng shabu, pinarusahan

Hindi nakaligtas si Gaga Mercader, isang aktibong impormer na pulis habang nakikipag-transaksyon sa mga bibili ng shabu sa barangay fiesta ng barangay Bejia, Cawayan, noong Hunyo 27, 2014, dakong alas-6 ng gabi, ng binaril ito ng isparo tim ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Nakuha mula sa kanyang pusisyon ang isang cal. 45 kabilang ang magasin at mga bala. Pagtapos nito, kaagad ng umatras ang mga kasama habang kaagad namang dumating ang mga pulis. Nakuha ng mga pulis mula sa bulsa ng namatay ang mga nakabalot na shabu na hindi pa naubos sa pagbebenta.

Dahil dito ay malaking pasasalamat ng mga tao dahil naparusahan na ang isang goons na pumapatay ng tao at hindi na malululong sa druga lalo na ang mga kabataan. Ang nasabing pinarusahan ay ilang beses na ring pinadalhan ng mensahe para magbago subalit hindi nakinig bagkos ay lalo pang naging aktibo ng dumating ang mga kasapi ng Regional Intellegence Unit (RIU) na nangangasiwa sa kanila.

Sana, maging leksyon na ito sa iba pa upang tumigil na sa pagiging aset ng pulis laban sa kilusan habang inaatasang magbenta ng drugs dahil kawawa ang mga biktema bukod pa sa kanyang sarili at pamilya.

Nagpaila nga di madutlan ug bala tungod sa orasyon, tudas

Hunyo 30, 2014, nahitabo ang pinusilay dinhang mangatang si Jojo Longkop, lider sa grupo nga Alpha and Omega kuyog ang iyang apostulis didto sa crossing sa Sitio Quary, Panan-awan, Cawayan.

Wala muasir ang iyang mga orasyon human siya matasak sa mga bala dinhang mibalos pagpusil ang ilang giatangan nga mga NPA nga nagsakay sa duha nga motorsiklo. Tungod dali kini nga naka-maniobra bisan pa gisigihan na kini pagpusil ni Jojo ug sa iyang apostulis gamit ang mga pistola nga 9mm.

...sundan sa pahina 11

...karugtong ng pahina 11

Wa mosustener ug midagan ang apostulis dihang naigo ug nasamdan kini, wala usab maglahutay ug namatay si Longkop o mas ilado sa tawag nga "kumander walang atrasan". Giduol kini sa mga NPA ug gikuha ang iyang dala nga armas lakip na ang iyang ID ug mga papeles antis mibiya sa maong lugar.

Human niini, mipagas ug ispesyal nga isyu ang Ang Kusog para mapahibalo ang tanan nga Masbatenyo nga ang Alpha and Omega, gigamit lang sa mga army batok sa kalihukang rebolusyonaryo ug pagpangwarta ngadto sa ilang mga myembro. Busa angayan na kining biyaan ug dili na usab musugot nga ilang mahimong myembro.

Isnayp laban sa PSB, inilunsad sa isla ng Ticao

Agosto 20, 2014, alas-7 ng umaga sa pagitan ng barangay Pinya at Bartolabac sa bayan ng San Jacinto, sa isla ng Ticao, natyempuhan ng isang tim ng Bagong Hukbong Bayan ang ikatlong araw ng nagtatago na mga kasapi ng Public Safety Battalion (PSB) na nagresulta sa pagkamatay ng isa nilang kasamahan.



Pinutukan ito sa layong 40 metros dahil sa kalagayan ng tereyn at kalupaan ay kailangan pa itong lapitan upang matiyak ang misyon, na pagbayarin ng dugo ang mga abusadong nag-ooperasyon dahil sa nakaraang mga atake nila ay may dalawang kubo ang sinunog at may binugbog pa na sibilyan.

Habang paatras ang mga kasama ay nagtangka na pumalo ang isang pormasyon ng PSB subalit inunahan na ito sa pagpapaputok ng mga pulang mandirigma hanggang tuluyang nakalayo ng ligtas ang mga ito.



Pulis dinis-armahan, hindi nakapalag

Hindi na nagawag pumalag ni PO1. Mark Ramos, isang pulis, ng surpresahin ito ng isang iskwad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) habang nasa bahay siya ng kanyang magulang na isang barangay kapitan ng Brgy. Dayao, Mandaon noong Setyembre 1, 2014, alas-6 ng umaga. Kaagad na nakumpiska sa kanya ang cal. 45 kabilang ang mga bala at magasin.

Matapos ang pag-uusap ay pinakawalan din ang pulis at umalis na ang mga kasama. Samantala, dali-dali namang bumalik sa munisipyo ng Mandaon si PO1. Ramos para magsumbong sa kanyang kasamahan. Subalit nanahimik na lamang ang mga ito upang makaiwas sa tiyak na labanan.

Ginawa ang aksyon dahil aktibo laban sa kilusan ang mga nakadistinong pulis sa bayan ng Mandaon. Mahaba na rin ang listahan ng kanilang mga nagawang krimen laban sa mamamayan tulad ng pambubugbog at pangsasalvage. Pero sa pagkakataong ito ay pinakawalan si PO1. Ramos para ipakita na maaari pa naman silang hindi maging target kapag hindi na maging palaban sa kilusan.

Harasment, nagresulta ng labis na pagkabigla sa tropa ng 93rd DRC

Setyembre 1, 2014, alas-8:30 ng gabi, habang nagbididyuke ang tropa ng 93rd Division Reconnaisance Company (DRC) sa Arminia, bayan ng Uson ay sabay-sabay itong pinutukan ng mga pulang mandirigma ng Jose Rapsing Command, BHB-Masbate gamit ang iba't ibang uri ng matataas na armas kasabay ang apat na bala ng M203. Dahil sa sobrang pagkabigla sa tropa ng kaaway ay walang habas itong nagpapaputok.

Matapos ang ilang minutong barilan ay ligtas na nakaatras ang mga pulang mandirigma habang hindi naman tiyak kung may kaswalti sa hanay ng kaaway.

Ang nasabing tropa ng 93rd DRC ay may mga kasong tulad ng pambubugbog sa isang habal-habal driber na si Dodong Condor, na napagbintangang NPA at ang panghalughog sa kabahayan na walang search warrant, pagwasiwas sa mga kagamitan at pinagwawagwag pa ang mga lalagyan ng bigas kahit alam nilang walang makakain ang mga tao na nangyari lang noong Marso 30, ng kasalukuyang taon.



1 patay, 1 sugatan sa PSB sa isla ng Burias ng matyempuhan ng BHB

Habang nasa kasagsagan ng kanilang operasyon ang mga elemento ng Public Safety Battalion sa Brgy. Canumay bayan ng Claveria ay natyempuhan ito ng isnayper tim ng BHB noong Setyembre 9, 2014 dakong alas-9 ng umaga.

Tatlong putok ang pinakawalan na nagresulta sa pagkasawi ng isa nilang kasamahan at pagkasugat ng malubha sa isa pa nilang myembro. Sinubukan pa itong dalhin sa Legaspi Hospital subalit hindi na naisalba ang isa habang agaw buhay naman ang isa.

Dahil sa pangyayari ay nagpakalat ng maling impormasyon ang mga kasapi ng PSB. Inisparo raw ang kanilang kasamahan para pagtakpan ang katotohanang tatlong bala lamang ang pinakawalan ng isnayper tim ng pulang mandirigma sa layong 200 metro na naging sanhi sa kanilang pagpanik at walang habas na pagpapaputok ng wala sa direksyon. AK

Mga aset ng Intellegence, dinis-armahan

Hindi na nakapanlaban ang mga aset ng MICO matapos surpresang ni-reyd ang kanilang bahay sa barangay Tinigban bayan ng Aroroy noong Setyembre 14, 2014 dakong alas-6 ng umaga.

Nakuha sa kanilang pusisyon ang isang cal. 45 kabilang ang mga magasin at bala, 2 pusas, apat na pirasong holster ng baril at 2 selpon na ginagamit sa pag-rereport.

Binigyan ito ng tsansang magbago dahil nangako namang hindi na mag-rereport at titigil na sa pagtutulak at paggamit ng shabu na siyang dahilan kung bakit nagsagawa ng reyd ang mga pulang mandirigma laban sa kanila.


Libu-libong Masbatenyo mitambong sa Kadena Bikolandia para palagputon ang hari sa pork barrel

Setyembre 22, 2014, nagtigom ang libu-libong Masbatenyo kadungan sa paghinumdom panahon sa Martial Law nga mibayular sa tawhanong katungod sa pumuluyo nga karon nagpadayon ug mas migrabe pa tungod ang goberno ang mihimo niini nga gipangunahan mismo sa presidente. Busa nagtigom ang mga pumuluyo aron mapalagpot sa poder si Benigno Simeon Aquino III tungod sa grabing korapsyon sa PDAF, DAP ug ang pagpirma niini sa kasunduang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) nga supak sa konstitusyon ug ang planong pagbag-o sa batakang balaod sa nasod Pilipinas pinaagi sa Charter Change (Cha-Cha).

Miabot sa 6,754 ang mitambong gikan sa naglain-laing mga sektor nga may 14 nga mga Mass Action Center gikan sa lunsod sa Pio V. Corpuz, Cataingan, Palanas, Dimasalang, mga kabaranggayan sa lunsod ng Placer, Cawayan, Buenavista, Uson at Malinta, Masbate ug sa mismong Freedom Park ng Masbate City ug may nagtambong usab gikan sa isla sa Burias ug Ticao.

Madasigon nga gisinggit sa pumuluyo ang pagpalagpot sa poder kang Aquino lakip na sa iyang mga iro-iro o mga kakunsabo nga anaa usab sa poder nga maoy misuyop sa dugo ug singot sa katawhan pinaagi sa legal ug ilegal nga korapsyon.

Nag-awhag usab ang mga Masbatenyo nga paundangon na ang mga korporasyon nga nagmina sa kabukiran sa probinsya sa Masbate nga gipanguluhan sa Filminera Resources Corporation (FRC). Tungod makaluluoy ang mga pumuluyo nga nabiktema sa pagpangilog ug yuta, pagtapok sa dagat sa mga



...karugtong ng pahina 12

makahilong kemikals ug karon mao ang planong pagmina usab sa kabukiran sa lunsod sa Mobo, Milagros ug Uson nga seguradong daghan ang maapektuhan ug mawad-an sa panginabuhian. Kun diin dili lang ang mga parauma lakip na ang may mga pasto ug punong, ilabi na ang mga mangingisda nga moresulta sa dili na unya makapaiskwela sa ilang kabataan ang mga ginikanan.

Busa walay silbi ang ginahatag nga kunuhay tabang sa Filminera didto sa mga biktema nga sa ilang pagtuo ilahang mailad ug malingla ug matahuban ang kamatuoran nga hitabo o resulta sa ilahang pagguba sa kinaiyahan. Kun diin ang mga musupak sa ilang kagustuhan, ang mga binayran nilang militar ug pulis mao ang bahala nga magpahilom niini. Ilabi na sa pakig-away sa mga NPA nga maoy tinuod nga sundalo ug naga-protektar sa mga pobre ug modepensa para ipakig-away ang katungod sa pumuluyong Masbatenyo nga padayon nga mabuhi.



Kultura

Martsa ng Pagkakaisa

Pasakalye: Am—— Dm-Am (ulitin)

F-E-E7

Am
Isulong natin ang pagkakaisa
Dm Am
Ng uring manggagawa at magsasaka
Dm Am
Ang ating sandigan sa pakikibaka
F E-E7
Tungo sa pambansang demokrasya.

Silang nagtataglay ng tunay na lakas
Na dudurog sa imperyalismo
Burukrata-kapitalismo, pyudalismo
Ang mga salot na pumapatay.

Dm
Mula sa bundok at nayon
Am
Parang alon tayong susulong
Dm E
Kukubkubin at palalayain natin
Ang kalunsuran.

KORO:
G C
At ating itatag
E Am
Ang isang lipunang malaya
Dm Am
Sa isang rebolusyong sosyalista
E
Am
Hanggang mapawi ang pagsasamantala.